# ARALIN UKOL SA PAGKA-MAKABAYAN

Ni ROSARIO BELLA-GANA

A. Mga layon

1. a. Upang linangin ang kadakilaan at makulay na pinagdaanan ng magiting na lahing Pilipino.

   b. Upang madama ng kabataan ang isang tunay na pagpapahalaga at paghanga sa kanilang ninuno.

   k. Upang buong maipagmalaki ang kanilang pagiging Kayumanggi, ang pagiging Pilipino.

2. Upang pukawin ang makabayang damdamin at patubuin ang isang wagas at walang pagmamaliw na pag-ibig sa sariling bayan.

B. Pamaraan ng pagtuturo

1. Sa DIWANG KAYUMANGGI, Una at Ikalawang Aklat, ay napagaralan natin ang ilang akdang dumadakila sa ating lahi at bayan. Pagbalikan nating saglit ang mga akdang ito. Papitlagin nating muli ang ating damdamin. Ano ang ating nadarama? Ano ang sumasagi agad sa ating gunita?

   Pag-uulat (Dalawang bata ang magsasalaysay ng mga mahahalagang diwa at damdaming pinupukaw o sinasariwa ng mga akdang sumusunod:

   a. Sa DIWANG KAYUMANGGI. Unang Aklat:

      "Panatang Makabayan"
      "Iniibig Ko Ang Pilipinas"
      "Sa Lupang Sarili"
      "Ang Pambansang Awit"
      "Kayumanggi Ang Iyong Kulay"
      "Ako'y Si Ragam"

   Sa DIWANG KAYUMANGGI

   Ikalawang Aklat:

      "Ako'y Pilipino"
      "Pag-ibig sa Tinubuang Bayan"

   a. Itanyag ang mga sumusunod:

      (1) Ang bawa't nilalang ay may sariling lahi at bayang dapat ipagmalaki, tangkilikin, at ipagsanggalang.

      (2) Likas o katutubo sa bawa't tao ang pananabik at pag-ibig sa sariling bayan.

      (5) Ano ang tungkulin ng ating bayan sa mga mamamayan?

   Pagkatapos ng pagsasalaysay, pag-uusapan ang wagas na damdaming dapat madama ng isang tunay na Pilipino pag binasa ang mga sumusunod, kung ano ang sumasagi agad sa gunita:

      (1) "Ako'y magpakatunay na Pilipino"

      (2) "Mamahalin ko at igagalang ang mga sagisag ng aking bansa."

      (3) "Damhin mo ang kahalagahan ng iyong kulay."

      (4) "Ibangon ang kadakilaan ng iyong lahi."

      (5) "Sa lupang sarili'y kay-tamis mamuhay!"

      (6) "Maging dampa yata ang iyong tahanan
      Sa lupang sarili'y langit ang kabagay."

      (7) "Nguni't ang simoy ng hangi'y mapait na kamatayan
      Sa taong walang sariling lupa, ina't kasintahan."

      (8) "Kamatayan ay matamis dahil sa Inang Bayan."

      (9) "Maging kailan at saan man sa kilos ko't mga galaw,
      Ang tatak ng pagkalahi'y sumusunod sa likuran."

FOR MODERN OPTICAL NEEDS—SEE **KEEPSAKE OPTICAL**—80 Escolta

(10) "Ang mamatay dahil sa Inang Bayan ay tunay na luwalhati."

B. Takdang-aralin

1. Pangganyak: Sa DIWANG KAYUMANGGI, Ikatlong Aklat, ay may isang hamon sa mga kabataan. Basahin ang unang akda, "Kayumanggi," isang sanaysay ni G. N. Reyes. Ano ang kaugnayan ng pambungad na salawikaing "Ang hindi lumingon sa pinanggalingan ay hindi makararating sa paroroonan" sa akdang ito? Ano ang ibig patunayan? Sagutin sang-ayon sa inyong sariling haka-haka o pagkakaintindi.
2. Sumasang-ayon ba kayong ang lahing Kayumanggi noong araw ay isang lahing magiting nguni't ngayon ang diwang Kayumanggi ay mapusyaw na? Hindi ba nanauli ang kayumangging kaligatan ng magigiting na Malayong nagtatag dito ng isang bansang malaya? Hindi ba nanunumbalik ang kayumangging nalalantayan ng dugo ng mga Katipunerong sumagasa sa kamatayan at tumalagang magsarili kahit ano pa man ang kahinatnan?
3. Muling basahin at pakasuriin ang salaysay. Ano ang ibinubulong ng inyong budhi? Hindi raw ba nagkakamali si G. Narciso G. Reyes? Sa isang talata ay gumawa kayo ng isang matapat na paglalahad kung sinasang-ayunan o hindi si G. N. Reyes. Bumanggit ng mga katibayan upang magkaroon ng saligan ang inyong palagay o paniniwala.

# BUILDING A VOCABULARY

By BRIGIDA ORPILLA-MAZON
Santiago Elementary School
Bauang, La Union

TYPE I

Direction: Read silently and do what you are told to do.

1. Put the tail of the kite.
2. Draw a chair near the table.
3. Draw a bird on the fence.
4. Draw a carabao eating the grass.
6. Draw a string around the top.
6. Draw a girl near the flower.
7. Make the cover of the pot.
8. Make a nest near the hen.
9. Draw a book on the table.
10. Draw a boy playing with the ball.

TYPE II

Direction: Draw what is missing on the following pictures:

1. I have a little chair.
It has four legs.
I can sit on it.
2. This is a little bird.
It has a nest.
It has two eggs on the nest:
3. This is a little doll.
It can stand on two feet.
It is a pretty doll.
4. The ball is round.
Boys and girls play with it.
The bat is near the ball.
5. I can spin the top.
The top is on the box
It has a string around it.
6. The dog can bark.
It can run very fast.
It has a long tail.
7. This is a little girl.
She can play with a drum.
The drum is little.